Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SIPI NG KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-13 NG MARSO, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Florencio C. Odejar | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | | Tagapangulo |
| Kgg. Bernardo E. Ison | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | . . . . . . . . . . . . . . | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 108 -T'2002*

*KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KANYANG KAMAHALAN KGG. GLORIA M. ARROYO, PANGULO NG BANSA, NA MAPAGKALOOBAN ANG PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG HALAGANG LABINLIMANG MILYONG PISO (P15,000,000.00) PARA SA PAGPAPAGAWA NG BAGONG GUSALI NG TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN AT PAGPAPAAYOS NG GUSALING PAMAHALAANG BAYAN, SA KAPAKANANG PANGKAGALINGAN NG BAYANG ITO*

*SAPAGKA'T*, kinikilala ang bayan ng Santa Cruz, Laguna bilang 1st-class municipality at bilang kabisera ng lalawigan ng Laguna;

*SAPAGKA'T* hinihingi ang pagkakaroon ng maayos na sentro ng pag-uugnayan at pagbubuklod ng mga gawain at paglilingkod para sa kapakanan ng pamayanan;

*SAPAGKA'T* kailangan nang isayos ang Gusaling Pamahalaang Bayan upang maging angkop sa magandang larawan ng isang umuunlad na bayang tulad nito;

*SAPAGKA'T* kailangan ding magkaroon ng bagong Tanggapan ng Sangguniang Bayan upang maayos na makapagsilbi ang mga tauhan ng Sangguniang Bayan at maayos na makapaglingkod ang mga kasapi ng Sangguniang Bayan sa dumaraming bilang ng mga mamamayan sa bayang ito;

*SAPAGKA'T* walang sapat na pondo ang pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna upang maisaayos ang Gusaling Pamahalaang Bayan at makapagpagawa ng bagong Tanggapan ng Sangguniang Bayan.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez at Edgardo T. Porca at sa buong pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na mapitagang hilingin sa Kanyang Kamahalan Kgg. Gloria M. Arroyo, Pangulo ng Bansa, na makapagkalooban ang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng halagang P15,000,000.00 para sa pagpapagawa ng Bagong Gusali ng Tanggapan ng Sangguniang Bayan at pagpapaayos ng gusaling pamahalaang bayan, sa kapakanang pangkagalingan ng bayang ito.

*PINAGPASIYAHAN PA*: Na ipadama ang taos-pusong pasasalamat sa Kgg. Gloria Macapagal Arroyo na patuloy na nagmamalasakit para sa kapakanan ng bansang ito.

*INIUUTOS*: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kanyang Kamahalan Kgg. Gloria M. Arroyo, Pangulo ng Bansa, Malacañang, Maynila, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Inhinyero at Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
Pang. Tagapangulo

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN